# PABALAT SA APLIKASYON PARA SA TULONG PINANSIYAL, MGA SELYONG PANGPAGKAIN, AT/O MEDI-CAL/34-COUNTY MGA SERBISYONG MEDIKAL NG LALAWIGAN (CMSP)

UPANG MAG-APLAY PARA SA TULONG PINANSIYAL, MGA SELYONG PANGPAGKAIN, MEDI-CAL/34-COUNTY CMSP, kumpletuhin ang mga aytem 1-13 sa nakakabit na aplikasyon, at lagdaan ang Seksiyon ng Sertipikasyon (Aytem 19). Ibigay ang pormularyo sa opisinang pangkapakanan. Kung ikaw ay may kapansanan at kailangan ng tulong upang mag-aplay para sa o patuloy na makakuha ng tulong pinansiyal, mga benepisyo, at mga serbisyo, sabihan ang lalawigan.

BAGO KA MAKAKUHA NG TULONG PINANSIYAL, MGA SELYONG PANGPAGKAIN, O MEDI-CAL/34-COUNTY CMSP, KABILANG NA ANG DAGLIANG PANGANGAILANGAN, TULONG SA WALANG TIRAHAN, O PINABILISANG SERBISYO NG SELYONG PANGPAGKAIN, dapat mong ibigay lahat sa amin ang impormasyon na aming hiniling sa iyong nakasulat na Pahayag ng Impormasyon at/o sagutin ang mga tanong sa panahon ng iyong panayam para sa karapatan. Ginagamit namin ang impormasyon na ibinigay mo sa amin upang tuusin ang karapatan at mga benepisyo.

PARA SA TULONG PINANSIYAL AT MGA SELYONG PANGPAGKAIN, sasabihin sa iyo ng lalawigan kung at kailan mo kailangang makunan ng tatak ang mga daliri at makunan ng retrato upang makakuha ng mga benepisyo.

UPANG MAKAKUHA NG DAGLIANG PANGANGAILANGAN AT/O TULONG SA WALANG TIRAHAN, dapat kang magpakita upang maging karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal. Kumpletuhin ang nakakabit na pormularyo at ibigay sa amin ang impormasyon na hinihiling namin. Maaaring kailanganin mong tugunan ang ilang mga alituntunin, gaya ng pagbibigay sa amin ng iyong (mga) numero ng pasegurong panlipunan, sinusubukang makakuha ng kita na mailalaan sa iyo, at pagsasang-ayon na makipagtulungan sa ahensiya ng lokal na suporta sa bata tungkol sa suporta sa bata, asawa, at medikal.

PARA SA MGA SELYONG PANGPAGKAIN, ang aplikasyon ay maaaring punan at lagdaan sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling ng sinumang isang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan o ng isang awtorisadong kinatawan. Kung ikaw ay wala sa hustong gulang na miyembro ng sambahayan, dapat mayroon kang nakasulat na pabatid na nilagdaan ng puno ng sambahayan o isa pang nasa hustong gulang na miyembro ng kasambahayan na nagsasabi na maaari kang mag-aplay para sa sambahayan, kunin ang kanilang mga selyong pangpagkain, at/o gamitin ang mga selyong pangpagkain upang bumili ng pagkain para sa sambahayan.

MGA SELYONG PANGPAGKAIN — Petsa ng Karapatan
Kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga selyong pangpagkain, tutuusin namin ang iyong mga benepisyo mula sa petsa nang ikaw ay mag-aplay. Maaari kang mag-aplay para sa mga selyong pangpagkain sa unang araw na makaugnayan mo ang opisinang pangkapakanan.

**DAGLIANG PANGANGAILANGAN NG TULONG PINANSIYAL**
Kung ikaw ay mayroong emerhensiya, ikaw ay maaaring makakuha ng hanggang $200 habang tinatrabaho namin ang iyong aplikasyon. Kakailanganin mong sabihin sa amin ang tungkol sa sitwasyon ng iyong emerhensiya at kakailanganin mong ipakita na wala kang kita o pera upang mabayaran ang mga emerhensiyang ito:

- Kakulangan ng pabahay o kakulangan ng pagkain
- Paunawa sa pagpapaalis
- Walang mga utilidad o paunawa sa pagsasara ng utilidad
- Kakulangan ng kinakailangang kasuotan
- Hindi natugunang kinakailangang pangangailangan sa transportasyon
- Ibang mga uri ng emerhensiya na mahalaga sa kalusugan at kaligtasan.

Kung tinanggihan ang iyong hiling para sa Dagliang Pangangailangan, maaari mong hilingin ulit ito sa panahon na tinatrabaho namin ang iyong aplikasyon. Ipaalam sa lalawigan kung may magbabago.

**TULONG PINANSIYAL SA WALANG TIRAHAN**
Kung ikaw ay walang tirahan, o nakatanggap Magbayad ng Renta o Abiso ng Pagpapaalis, at nais mag-aplay para sa tulong sa walang tirahan, sabihin sa lalawigan. Ang Tulong sa Walang Tirahan ay minsan sa buhay lang makukuha, may mga eksepsiyon.

**MGA SERBISYONG DIBERSIYON NG CalWorks**
Ang mga serbisyong dibersiyon ay makatutulong sa mga aplikante na nangangailangan ng ilang tulong nguni't hindi nais o kailangan na sumailalim sa tulong ng pamahalaan. Pinahihintulutan ka ng mga serbisyong dibersiyon na pumiling kumuha ng minsanang pagbabayad ng salapi o mga serbisyong di-salapi sa halip na piliin ang tulong. Ikaw ay maaari lamang pumili upang makakuha ng mga serbisyong dibersiyon sa oras ng aplikasyon para sa tulong pinansiyal, at ikaw ay maaaring karapat-dapat para sa Medi-Cal, tulong sa pangangalaga ng bata, at mga selyong pangpagkain kung ikaw ay makakuha ng mga serbisyong Dibersiyon.

Pagkatapos irepaso ang iyong impormasyon, sasabihin sa iyo ng lalawigan kung ikaw ay magiging karapat-dapat para sa mga serbisyong Dibersiyon. Kung karapat-dapat at pinili mong kumuha ng Dibersiyon na pagbabayad ng salapi o mga di-salapi na serbisyo sa halip na piliin ang tulong pinansiyal:

- Ikaw ay makakakuha ng paunawa ng pagtatanggi para sa tulong pinansiyal.
- Ang iyong tulong pinansiyal ay maaaring babaan o ang oras na maaari mong makuha ang tulong pinansiyal ay maaaring paigsiin kung pipiliin mo ang tulong sa bandang huli.

**MGA APLIKANTE PARA SA MGA SELYONG PANGPAGKAIN:** Ang dapat mo lamang gawin sa araw na mag-aplay ka ay ibigay sa amin ang iyong pangalan at direksiyon, sabihin sa amin na gusto mo ng mga selyong pangpagkain (Aytem 8) at lagdaan ang aplikasyon (Aytem 19). Bago namin masasabi kung ikaw ay karapat-dapat, dapat mong ibigay sa amin ang lahat ng impormasyon na hiniling namin sa iyong nakasulat na Pahayag ng Impormasyon at/o sagutin ang mga tanong sa panahon ng iyong panayam para sa karapatan. Ikaw ay dapat na masabihan kung ikaw ay karapat-dapat sa loob ng 30 araw pagkatapos mong mag-aplay.

**PINABILISANG SERBISYO NG SELYONG PANGPAGKAIN**
Maaaring mayroon kang karapatang kumuha ng mga selyong pangpagkain sa loob ng tatlong araw. Ang iyong sambahayan ay dapat na karapat-dapat para sa Programang Selyong Pangpagkain AT MAYROONG:

- Upa o sangla at mga gastos ng utilidad na higit kaysa sa iyong mga likidong pinagkunan at ang kita sa buwang ito bago ang mga babawasin **(tignan ang kabilang panig ng pahina para sa mga kahulugan ng kita at mga likidong pinagkunan),**

O

- Hindi hihigit sa $100 mga likidong pinagkunan at mababa kaysa sa $150 kita para sa buwan bago ang mga babawasin,

O

- Hindi hihigit sa $100 mga likidong pinagkunan at kahit isang miyembro na isang migrante o pana-panahon na manggagawa sa bukid.

Bago ka makakuha ng mga selyong pangpagkain sa loob ng tatlong araw, **kumpletuhin ang mga Aytem 1 - 17 sa nakakabit na aplikasyon**; ibigay sa amin ang lahat ng impormasyon na aming hiniling sa panahon ng iyong panayam para sa karapatan, at ibigay sa amin ang pruweba ng iyong pagkakakilanlan.

**MAPAPANIWALAANG KARAPATAN NG MEDI-CAL(PE) PARA SA MGA BUNTIS NA BABAE**
Kung ikaw ay buntis, maaari kang makakuha ng panandaliang Medi-Cal mula sa ilang mga tagapagbigay ng medikal para sa maraming mga serbisyo sa pagangalaga sa pagbubuntis bago mag-aplay para sa regular na Medi-Cal. Tanungin ang iyong doktor o klinika kung sila ay nag-aalok ng PE. Kung ikaw ay mag-aaplay para sa CalWORKs o Medi-Cal sa katapusan ng buwan pagkatapos ng buwan na makakuha ka ng kard na PE, ang iyong panandaliang Medi-Cal ay magpapatuloy hanggang ang tulong ay maaprobahan o tanggihan. Kung ikaw ay nakakakuha ng PE, sabihin sa lalawigan at i-tsek ang “OO” sa parehong bahagi ng Aytem 12.

**MEDI-CAL/34-COUNTY CMSP - EMERHENSIYANG MEDIKAL/ PAGBUBUNTIS**
Kung ikaw ay mayroong emerhensiyang medikal o buntis AT nais ng Medi-Cal/34-County CMSP sa lalong madaling panahon, kumpletuhin ang mga Aytem 1-13. Dapat mo ring ibigay ang lahat ng impormasyon na hiniling namin sa panahon ng iyong panayam para sa karapatan at tugunan ang lahat ng mga kinakailangan ng karapatan.

**ANG IBIG NAMING SABIHIN KAPAG SINABI NAMING:**

- **CalWORKs:** Programang Oportunidad sa Trabaho at Responsibilidad sa Mga Bata ng California.
- **Tulong Pinansiyal:** Tulong mula sa CalWORKs at/o mga programang Tulong Pinansiyal sa Taong Kinanlong (RCA).
- **Mga Serbisyong Dibersiyon:** Ang minsanang pagbabayad ng salapi o mga di-salapi na serbisyo sa halip na piliin ang tulong pinansiyal.
- **Mga Selyong Pangpagkain:** Mga benepisyo para sa mga mababang kitang sambahayan upang tulungang makabili ng pagkain.
- **Pinabilisang Serbisyong Selyong Pangpagkain:** Pagkuha ng mga selyong pangpagkain sa loob ng 3 araw.
- **Medi-Cal:** Mga benepisyong medikal na kinakailangan para sa mga karapat-dapat na tao.
- **Mapapaniwalaang Karapatan sa Medi-Cal (PE):** Panandaliang saklaw ng Medi-Cal mula sa ilang mga doktor o klinika para sa maraming mga serbisyo sa pangangalaga sa pagbubuntis ng pasyenteng tagalabas.
- **34-County CMSP:** Pang-medikal na kinakailangang mga benepisyo para sa karapat-dapat na mga nasa hustong gulang na wala sa Medi-Cal at naninirahan sa ilang rural na mga lalawigan.
- **Tinakdaang Medi-Cal:** Pangangalagang Medikal para sa emerhensiya at pagbubuntis lamang.
- **Tinagkdaang 34-County CMSP:** Emerhensiyang pangangalaga lamang.
- **Awtorisadong Kinatawan:** Ang taong pinili ng isang aplikante o tumatanggap para sa mga selyong pangpagkain at/o Medi-Cal, na makapag-aasikaso ng kanilang ilang negosyo.
- **Puno ng Sambahayan** Ang responsableng miyembro ng selyong pangpagkain na sambahayan.
- **Kita:** Perang tinanggap o inaasahan, gaya ng
  - Mga kinita, tulong ng pamahalaan, suporta sa bata/asawa, Dagdag l Paseguro sa Kinikita/Dagdag Programa ng Estado (SSI/SSP), o Programa na Tulong Pinansiyal sa Mga Imigrante (CAPI);
  - Mga Benepisyo sa Paseguro sa Kawalang-trabaho (UIB), Paseguro sa Disabilidad ng Estado (SDI), Mga Benepisyo ng Beterano (VA), o ibang mga bayad sa disabilidad;
  - Mga pondo ng welga; mga bayad mula sa nangungupahan ng kuwarto at mga kasera; mga kaloob ng paaralan at mga utang;
  - Mga regalong pera, mga napanalunang pera, anumang ibang mga bayad na pera.
- **Mga Likidong Pinagkunan:** Pera iba pa kaysa sa kita, gaya ng:
  - Hinahawakang salapi, mga hindi nai-kas na tseke, pera sa mga kwentas pang-tseke, mga kwentas pang-impok, mga sertipiko sa pag-iimpok;
  - Mga pondo ng tagapagmana, mga singiling papel de bangko, saping puhunan o mga bono, atbp.
- **Mga Utilidad:** Gas, elektrisidad, panggatong na pampainit, telepono (basikong singil), instalasyon ng utilidad, pagkuha ng basura at kalat, tubig, tuberiyas, atbp.
- **Ikaw, Sinuman, Bawat isa:** Sinuman at lahat ng taong nakatira sa iyong tahanan.

**IBANG MGA BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN:**

- Maaari kang mag-aplay para sa tulong pinansiyal, mga selyong pangpagkain at Medi-Cal nang magkakasabay at magkaroon ng isang panayam para sa lahat.
- Ikaw ay may karapatan na sarili mong punan ang pormularyong ito o, kung iyong hihilingin, magpatulong sa isang tao.
- **MGA SOBRANG KABAYARAN/SOBRANG NAIBIGAY:** ang ibig sabihin ay nakakuha ng mas maraming tulong pinansiyal o mga benepisyo kaysa sa dapat mong nakuha. Babayaran mo rin ito kahit na nagkamali ang lalawigan. Ang iyong tulong pinansiyal o mga selyong pangpagkain ay babababan o ihihinto. Ang bahagi ng halaga ng iyong Medi-Cal/34-County CMSP ay maaaring baguhin.
- **PANDARAYA AT PAGSISINUNGALING:** Ang pandaraya at pagsisinungaling ay mga krimen. Sinasabi ng batas na dapat kang lumagda ng isang pahayag ng parusa sa pagsisinungaling sa karamihan sa mga pormularyo upang kumuha at patuloy na makakuha ng tulong pinansiyal, mga selyong pangpagkain, at Medi-Cal/34-County CMSP. Ang ibig sabihin ng pagsisinungaling ay nagsinungaling ka noong ikaw ay nangako sa ilalim ng panunumpa na magbibigay ng tama, tumpak, at kumpletong impormasyon. Kung ikaw ay magsisinungaling tungkol sa impormasyon o **sinadyang** hindi ibinigay sa amin ang lahat ng impormasyon o mga sitwasyon na makakaapekto sa iyong karapatan at mga antas ng pagbabayad ng tulong, ikaw ay maaaring maihabla ng pandaraya.
- **Kung ikaw ay napatunayang nagkasala ng pandaraya, ikaw ay maaaring multahan ng hanggang $10,000 para sa tulong pinansiyal at $250,000 para sa mga selyong pangpagkain at/o makulong/mabilanggo ng 3 taon para sa tulong pinansiyal at 20 taon para sa mga selyong pangpagkain. Ang tulong pinansiyal at/o mga selyong pangpagkain ay maaaring ihinto ng 6 na buwan, 12 buwan, 2 taon, 4 na taon, 5 taon, 10 taon, 20 taon o magpakailanman, at para sa Tulong Pinansiyal sa Taong Kinanlong, 3 buwan at 6 na buwan.**
- **MGA ALITUNTUNIN NG NUMERO NG PASEGURONG PANLIPUNAN (SSN):** Itinutugma namin sa kompyuter ang mga SSN laban sa mga tala mula sa buwis, tulong ng pamahalaan, pageempleyo, sa Pangasiwaan ng Pasegurong Panlipunan, at ibang mga ahensiya upang matiyak na iyong inuulat ang lahat ng iyong kita at mga pinagkunan. Maaari naming alamin ang mga diperensiya sa mga taga-empleyo, bangko, at/o iba. Tinutugma rin namin ang mga SSN upang makatitiyak na ikaw ay hindi nakakakuha ng tulong nang mahigit sa isang kaso, o sa iba pang lalawigan o estado; at para sa tulong pinansiyal at mga selyong pangpagkain, kasama ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas para sa mga nakabinbing utos sa pag-aresto.

  **Tulong pinansiyal at mga selyong pangpagkain:** Dapat mong ibigay sa amin ang SSN para sa bawat aplikante/tumatanggap para sa tulong pinansiyal at/o mga selyong pangpagkain. Kung ikaw ay tatangging ibigay sa amin ang alinman sa SSN o pruweba ng aplikasyon para sa SSN, ikaw ay hindi makakakuha ng tulong pinansiyal o mga selyong pangpagkain. Para sa tulong pinansiyal, dapat kang magbigay sa amin ng iyong (mga) SSN o pruweba ng aplikasyon para sa SSN sa loob ng 30 araw ng aplikasyon at ibigay ang SSN sa lalawigan kapag nakuha mo ito.

  **Medi-Cal/34-County CMSP:** Ang bawat aplikante para sa Medi-Cal/34-CMSP ng Lalawigan na mayroong SSN ay hihilingan na ibigay ito sa lalawigan. Sinumang mamamayan ng U.S., nasyonal ng U.S., amnestiyang dayuhan na mayroong balido at kasalukuyang I-688, di-mamamayan na mayroong legal na permanenteng tirahan sa U.S. (LPR), o di-mamamayan na permanenteng naninirahan sa U.S. sa ilalim ng batas ng kulay (PRUCOL) na tumangging magbigay ng SSN o pruweba ng aplikasyon para sa isang SSN, ay hindi makakakuha ng Medi-Cal/34-County CMSP <u>at hindi</u> isang amnestiyang dayuhan na mayroong balido at kasalukuyang I-688 o isang LPR o PRUCOL, ay maaari pa ring mahangganan ng Medi-Cal/34-County CMSP kung matugunan niya ang lahat ng mga alituntunin ng karapatan, kabilang na ang paninirahan sa California.

**MGA REKLAMO**

Kung sa palagay mo ikaw ay <u>nadiskrimina</u>, makipag-ugnayan sa kinatawan ng mga karapatang sibil ng lalawigan o sumulat sa:
State Civil Rights Bureau
P.O. Box 944243
Sacramento, CA 94244-2430
o pakolektang tumawag sa (916) 654-2107
o para sa may kapansanan sa pandinig o pananalita TDD 1 - (916) 654-2098

Para sa <u>ibang uri ng mga reklamo</u>, makipag-ugnayan muna sa iyong lalawigan. Kung ikaw at ang iyong lalawigan ay hindi magkasundo, sumulat o tumawag sa:
Public Inquiry and Response (PIAR)
744 P Street, M.S. 6-23
Sacramento, CA 95814
Teleponong 1 - (800) 952-5253
o para sa may kapansanan sa pandinig o pananalita
TDD 1 - (800) 952-8349

**MGA PAGDINIG NG ESTADO**

Dapat kang humiling para sa pagdinig sa loob ng 90 araw ng aksiyon ng lalawigan at dapat mong sabihin kung bakit nais mo ng isang pagdinig. Ikaw ay makahihiling ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagsulat sa iyong lokal na opisinang pangkapakanan ng lalawigan o sa pagtawag sa isa sa mga numero ng teleponong nakalista para sa PIAR sa itaas, kung ikaw ay:

Hindi sumasang-ayon sa alinmang aksiyon na ginawa ng lalawigan, o

Humihiling para sa isang pagdinig ng estado para sa tulong pinansiyal, mga selyong pangpagkain, Medi-Cal, o

Upang iapela ang lahat ng mga isyu ng karapatan ng 34-County CMSP, maari ka **lamang sumulat** sa iyong lalawigan.

# APLIKASYON PARA SA TULONG PINANSIYAL, MGA SELYONG PANGPAGKAIN, AT/O MEDI-CAL/34-County CMSP

**Bago kumpletuhin ang aplikasyong ito, basahin ang pabalat**. Kung kailangan mo ng higit na espasyo upang sumagot, sumulat sa likod ng pilas na ito.

1. PANGALAN NG APLIKANTE (UNA, GITNA, DAGLAT, APELYIDO)

2. (MGA) NUMERO NG PASEGURONG PANLIPUNAN

3. PANGALAN SA PAGKADALAGA O IBA (KUNG MAYROON)

2A. PETSA NG KAPANGANAKAN (MM-DD-YYYY)

4. DIREKSIYON NG TAHANAN: NUMERO KALYE
SIYUDAD ESTADO KODIGO NG ZIP

5. DIREKSIYON NG KOREO (KUNG NAIIBA)
SIYUDAD ESTADO KODIGO NG ZIP

6. (MGA) NUMERO NG TELEPONO: TAHANAN ( ) TRABAHO ( ) MENSAHE ( )

7. Ang iyo bang direksiyon ng tirahan ay permanente? ☐ OO ☐ HINDI ☐ WALANG TIRAHAN
Kung hindi permanente, mangyaring ipaliwanag:

8. Mayroon bang nag-aaplay para sa: Tulong Pinansiyal ☐ OO ☐ HINDI Mga Selyong Pangpagkain ☐ OO ☐ HINDI
Medi-Cal ☐ OO ☐ HINDI 34-County CMSP ☐ OO ☐ HINDI
Iba Pang (Mga) Programa ☐ OO ☐ HINDI Kung "OO", ipaliwanag:

9. Mayroon bang sinumang humiling o nakakuha ng tulong o mga benepisyo, kabilang na ang Medi-Cal/34-County CMSP/Medicaid o mga serbisyong Diberisyon na salapi o di-salapi? Kung "OO", ilista: ☐ OO ☐ HINDI
(MGA) PANGALANG GINAMIT
URI NG TULONG/BENEPISYO
(MGA) PETSA NANG NATANGGAP
SAAN NATANGGAP? (LALAWIGAN/ESTADO/BANSA)

10. Sinasabi batas na dapat naming itala ang grupo ng iyong etniko, lahi at wika. Ito ay hindi makaaapekto sa iyong karapatan.
**A. KA-ETNIKOHAN** *(Dapat sagutin din nang lahat ang B)*
Ikaw ba'y Hispaniko o Latino? ☐ OO ☐ HINDI
**B. LAHI/PINANGGALINGAN NG ETNIKO** -
I-tsek ang lahat ng kahon na nalalapat sa iyo. Kung hindi mo kukumpletuhin ang tanong na ito gagawin ito ng lalawigan para sa iyo.
☐ Amerikanong Indiyan o Katutubo ng Alaska ☐ Amerikanong Negro o Aprikano ☐ Puti
☐ Asyano *(Kung naka-tsek, mangyaring pumili ng isa o higit pa ng sumusunod)*
☐ Pilipino ☐ Tsino ☐ Hapon ☐ Koryano ☐ Vietnamese ☐ Asyanong Indiyan
☐ Cambodian ☐ Laotian ☐ Iba pang Asyano *(tukuyin)*
☐ Katutubong Hawayano o Iba pang Taga-islang Pasipiko *(Kung naka-tsek, mangyarin pumili ng isa ng sumusunod)*
☐ Katutubong Hawayano ☐ Guamanian ☐ Samoan ☐ Iba pa (tukuyin)
**C. PANGUNAHING WIKA:**
☐ Ingles ☐ Espanyol ☐ Lao ☐ Tagalog ☐ Pang-amerikanong Senyas ☐ Cantonese ☐ Cambodian
☐ Vietnamese ☐ Ruso ☐ Iba pa (tukuyin)

11. Ang lahat ba ay migrante o pana-panahon na manggagawa sa bukid? ☐ OO ☐ HINDI

12. Mayroon bang buntis? ☐ OO ☐ HINDI Kung "OO", siya ba ay nakakuha ng isang kard ng Mapapaniwalaang Karapatan? ☐ OO ☐ HINDI

13. Mayroon bang may personal na emerhensiya? Kung "OO", i-tsek ang (✔) uri: ☐ OO ☐ HINDI
☐ Dagliang Pangangailangang Medikal ☐ Pagbubuntis ☐ Abuso sa Bata ☐ Abusong Pantahanan
☐ Abuso sa May-katandaan ☐ ibang emerhensiya kung saan ay nagbabanta sa kalusugan o kaligtasan. Ipaliwanag:

**KUNG KAILANGAN MO NG:TULONG PINANSIYAL PARA SA PAGBAYAD NG DAGLIANG PANGANGAILANGAN.....PUNAN ANG MGA AYTEM 14 - 18.**
**PINABIL ISANG SERBISYO NG SELYONG PANGPAGKAIN.....PUNAN ANG LAHAT NG MGA AYTEM 14 - 17.**

14. Gaano karami ang mga likidong pinagkunan mayroon ang bawat isa, kabilang na ang mga bata?
☐ Salapi, mga hindi nai-kas na tseke o mga order ng pera $
☐ Pang-tseke/pang-impok o samahan sa pautang na (mga) kwentas $
☐ Mga kasulatan sa tagapagmana, mga singiling papel de bangko, saping puhunan o mga bono $
☐ Iba (ipaliwanag) $

15. Magkanong kita ang nakuha o makukuha ng bawat isa, kabilang na ng mga bata, sa buwang ito?

| Petsa | Halaga | Petsa | Halaga |
|---|---|---|---|
| | $ | | $ |
| | $ | | $ |

16. Magkano ang iyong renta o sangla sa buwang ito?
$

17. Magkano ang iyong mga utilidad na hindi kabilang sa iyong renta sa buwang ito? $

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 18. Ikaw ba ay mayroong paunawa sa pagpapaalis o paunawa na magbayad o umayay? | | |
| Ang iyo bang mga utilidad ay naisara o ikaw ba ay mayroong paunawa sa pagsasara? | | |
| Mauubos na ba ang iyong pagkain sa 3 araw o mas maaga? | | |
| Kailangan mo ba ng kinakailangang kasuotan, gaya ng mga lampin o mga kasuotan na kailangan para sa malamig na panahon? | | |
| Kailangan mo ba ng tulong sa transportasyon upang kumuha ng pagkain, kasuotan, pangangalagang medikal o ibang (mga) pang-emerhensiyang aytem? | | |

- Pinagtitibay ko na ako ay nabigyan ng kopya ng pabalat. Nauunawaan ko at sumasang-ayon ako na ako ay kailangang tumalima sa mga alituntunin ng karapatan, ang ilan nito ay maaaring hilingan akong gawin bago maibigay ang anumang tulong. Nauunawaan ko ang mga pahayag na aking ginawa sa pormularyong ito ay maaaring i-tsek at beripikahin.
- Pinagtitibay ko na kung ako ay nakapag-aplay para sa mga Selyong Pangpagkain nasabi sa akin ng lalawigan ang aking karapatan sa pinabilisang serbisyo.
- **Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estados Unidos ng Amerika at Estado ng California na ang impormasyong aking ibinigay sa pormularyong ito at tama, tumpak, at kumpleto.**

19. LAGDA (O MARKA) NG APLIKANTE O AWTORISADONG KINATAWAN
PETSA NANG NILAGDAAN

LAGDA NG MGA SAKSI SA MARKA O TAGAPAGPALIWANAG
PETSA NANG NILAGDAAN

**GAMIT PANGLALAWIGAN LAMANG.**

CASE NAME

CASE NUMBER

DATE RECEIVED

**TYPE OF APPLICATION:**
**CA:** ☐ CA ☐ RCA
**FS:** ☐ Initial ☐ Recert ☐ Rest
**MC:** ☐ **CMSP**: ☐

**Homeless:**
FS: ☐ YES ☐ NO
CA: ☐ YES ☐ NO ☐ CW 42

☐ Pickle Screening

**Ethnic Group:**

**Race:**

**Primary Language:**

**CA I.N.**
☐ Denied/NOA prep
☐ Approved
☐ Expedited Grant
☐ Applicant requested CWD to complete SAWS 1
(_____)
(Initials)

**FS E.S.**
☐ E.S. questions not completed
☐ Screened for E.S.
Date_____
(_____)
(Initials)

**FS Referral for:**
☐ E.S. Processing
☐ Regular Processing

☐ CWD records cleared
☐ MEDS CDB cleared
☐ IEVS initiated
☐ Copy of SAWS 1 and cover-sheet given to applicant

TRANSITIONING CASE NUMBER

COUNTY OF APPLICATION

COUNTY OF RESIDENCE (IF DIFFERENT)